PETE CERVINKA
DIRECTOR

State of California—Health and Human Services Agency
**Department of Developmental Services**
1215 O Street, Sacramento, CA 95814
www.dds.ca.gov

GAVIN NEWSOM
GOVERNOR

Agosto 2, 2023

SA: MGA EHEKUTIBONG DIREKTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: ELEKTRONIKONG BERIPIKASYON NG PAGBISITA: PAGSUNOD NG PROVIDER SA PROGRAMA NG SARILING PAGPAPASYA

Alinsunod sa Seksyon 12006(a) ng 21st Century Cures Act, ang mga estado ay kinakailangang ipatupad ang elektronikong beripikasyon ng pagbisita (EVV) para sa mga serbisyo sa personal na pangangalaga at mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa tahanan na nangangailangan ng pagbisita sa tahanan ng provider. Ang mga natukoy na mga serbisyo ng personal na pangangalaga at pangangalagang pangkalusugan sa tahanan ng regional center na napapailalim sa EVV ay matatagpuan sa gabay na inilabas noong Hulyo 8, 2022. Ang mga serbisyo ng Programa sa Pagpapasya sa Sarili o (Self Determination Program, SOP) ay napapailalim sa parehong petsa ng pagsunod sa gabay na inilabas noong Abril 18, 2023.

Ang SOP ay nagpapahintulot sa mga konsumidor na pumili kung paano isasaayos ang kanilang mga serbisyo gamit ang iba't ibang kwalipikadong provider. Tinutukoy ng kaayusang ito kung sino ang magiging employer na nasa rekord para sa sinumang direktang tauhan na naghahatid ng mga serbisyo.

Ang employer na nasa rekord para sa sinumang direktang tauhan ang magpapasya kung sino ang responsable sa pagsunod sa EVV.

- Co-Employer Services, kung saan ang provider ng mga serbisyo ng pinansyal na pamamahala (FMS) ay ang employer na nasa rekord para sa direktang tauhan, ang FMS ay responsable para sa pagsunod sa EVV.
- Sole Employer Services, kung saan ang konsumidor o kanilang legal na kinatawan ay ang employer na nasa rekord, maaaring piliin ng konsumidor na gamitin ang sistema ng EVV na ibinigay ng kanilang piniling FMS, o maaari nilang piliin na maging ganap na responsable para sa EVV.
- Mga serbisyo sa nagbabayad ng bayarin, kung saan ang vendor, ahensya o kumpanya ay ang employer na nasa rekord, ang vendor, ahensya, o kumpanya ay responsable para sa pagsunod sa EVV.

  - Sa pagkakataong ito, ang rekord ng pagbisita sa EVV ay dapat naka-ugnay sa numero ng FMS vendor kung saan ini-invoice ang serbisyong iyon sa regional center.

Kapag ang FMS ay hindi ang employer na nasa rekord, dapat nilang ibigay ang sumusunod na impormasyon sa employer na nasa rekord:

- Kaugnay na code ng serbisyo, katangi-tanging tagatukoy ng kliyente (UGI) at impormasyon ng numero ng vendor, kung kinakailangan.
- Gawing available ang kanilang sistema ng pangongolekta ng datos ng EVV sa mga konsumidor na employer na nasa rekord kung pipiliin ng konsumidor na gamitin ang sistemang iyon.
- Mga mapagkukunan ng EVV sa iba pang mga employer na nasa rekord.

Ang Kalakip A ay form ng Kasunduan ng Provider ng Nagbabayad ng Bayarin na maaaring gamitin ng mga FMS provider sa mga provider ng mga serbisyo ng nagbabayad ng bayarin upang magbahagi ng impormasyon at kasunduan sa EVV tungkol sa kanilang mga kinakailangan sa EVV. Ang Kalakip B ay polyeto na may impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng nagbabayad ng bayarin at mga nalalapit na oras ng opisina ng nagbabayad ng bayarin upang talakayin at sagutin ang mga katanungan tungkol sa EVV sa SOP. Ang impormasyon tungkol sa EVV kabilang ang mga Madalas Itanong at mga karagdagang mapagkukunan para sa mga provider ay matatagpuan sa Department's EVV webpage.

Pinahahalagahan namin ang pagbabahagi mo ng liham na ito sa mga tauhan ng regional center na kasangkot sa mga aktibidad ng EVV at SOP. Kung mayroon kang anumang mga katanungan hinggil sa liham na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa EVV@dds.ca.gov.

Taos-puso,

*Orihinal na Nilagdaan ni:*

VICKI SMITH
Deputadong Direktor
Patakaran at Programa

Mga Kalakip sa Pag-unlad

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor para sa mga Serbisyo sa Konsumidor sa Regional Center
Mga Direktor para sa mga Serbisyong Pangkomunidad ng Regional Center
Association of Regional Center Agencies (Samahan ng Mga Ahensya ng Sentrong Pangrehiyon)
Nancy Bargmann, Department of Developmental Services
Brian Winfield, Department of Developmental Services
Carla Castaneda, Department of Developmental Services
Ernie Cruz, Department of Developmental Services
Jennifer Parsons, Department of Developmental Services